## *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 54*
## *Mula sa buhay ni Haring Josias*

***"1 Si Josias ay may walong taong gulang nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing tatlong pu't isang taon sa Jerusalem. 2At siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, at lumakad ng mga lakad ni David na kaniyang magulang, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa. 3Sapagka't sa ikawalong taon ng kaniyang paghahari, samantalang siya'y bata pa, kaniyang pinasimulang hinanap ang Dios ni David na kaniyang magulang: at sa ikalabing dalawang taon ay kaniyang pinasimulang nilinis ang Juda at Jerusalem na inalis ang mga mataas na dako, at ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo. 4At kanilang ibinagsak ang mga dambana ng mga Baal sa kaniyang harapan; at ang mga larawang araw na nasa ibabaw nila, ay kaniyang ibinagsak; at ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo, ay kaniyang pinagputolputol, at dinurog, at isinabog sa mga libingan ng nangaghain sa kanila. 5At sinunog niya ang mga buto ng mga saserdote sa kanilang mga dambana, at nilinis ang Juda at ang Jerusalem. 6At gayon ang ginawa niya sa mga bayan ng Manases at Ephraim at Simeon, hanggang sa Nephtali, sa kanilang mga guho sa palibot. 7At kaniyang ibinagsak ang mga dambana at pinukpok ang mga Asera at ang mga larawang inanyuan ay dinurog, at pinagputolputol ang lahat na larawang araw sa buong lupain ng Israel, at nagbalik sa Jerusalem.8 Sa ikalabing walong taon nga ng kaniyang paghahari, nang kaniyang malinis ang lupain, at ang bahay, ay kaniyang sinugo si Saphan na anak ni Asalias, at si Maasias na tagapamahala ng bayan, at si Joah na anak ni Joachaz na kasangguni, upang husayin ang bahay ng Panginoon niyang Dios. 9At sila'y nagsiparoon kay Hilcias na dakilang saserdote at ibinigay ang salapi na napasok sa bahay ng Dios, na nakuha ng mga Levita, na mga tagatanod-pinto, sa kamay ng Manases at ng Ephraim, at sa lahat ng nalabi sa Israel, at sa buong Juda, at Benjamin, at sa mga taga Jerusalem. 10At kanilang ibinigay sa kamay ng mga manggagawa na siyang namamahala sa bahay ng Panginoon; at ibinigay ng mga manggagawa ng bahay ng Panginoon upang husayin at pagtibayin ang bahay; 11Sa makatuwid baga'y sa mga anluwagi at sa mga nagtatayo ibinigay nila, upang ibili ng mga batong tinabas, at ng mga kahoy na panghalang, at upang ipaggawa ng mga sikang sa mga bahay na giniba ng mga hari, sa Juda. 12At ginawa ng mga lalake na may pagtatapat ang gawain: at ang mga tagapamahala ng mga yaon ay si Jahath at si Abdias, na mga Levita, sa mga anak ni Merari; at si Zacharias at si Mesullam, sa mga anak ng mga Coathita, upang ipagpatuloy: at ang iba sa mga Levita, lahat na bihasa sa mga panugtog ng tugtugin. 13Nasa mga tagadala ng mga pasan naman sila, at pinamamahalaan ang lahat na nagsisigawa ng gawain sa sarisaring paglilingkod: at sa mga Levita ay may mga kalihim, at mga pinuno, at mga tagatanod-pinto.' (1 Cronica 34:1)***

Si Haring Josia ay isang mabuting halimbawa para sa atin upang pagnilayan kung paano unahin ang Dios at ang Kanyang Salita at mga alintuntunin at maayos na tumugon sa Salita ng Diyos. Mula sa ***2 Cronica 34*** ating makukuha ang sumusunod na mga aral:

**1. <u>Upang makilala ang Dios sa iyong kabataan ay isang pagpapala</u>:** ***"1 Si Josias ay may walong taong gulang nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing tatlong pu't isang taon sa Jerusalem." (2 Cronica 34:1)*** Si Josias ang hari ay nagpasimulang maghari at naglingkod sa Panginoon habang siya ay walong taong gulang, at sa huli ay gumawa ng kagila gilalas na mga bagay sa Panginoon. *<u>Kaya naman, para sa kadahilanan ito maging mas magalak na mas bata mong hanapin ang Panginoon, sa gayon mas pagpalain ka pa sa iyong buhay.</u>* Aking nakilala ang Dios sa edad na 34 taong gulang at palagi kong hinahangad na kung ang Diyos ay inihayag sa akin ang Kanyang sarili sa aking murang dead upang sinimulang maglingkod sa Kanya.

***"2 At siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, at lumakad ng mga lakad ni David na kaniyang magulang, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa." (2 Cronica 34:2)*** *<u>Mula sa iyong nabasa dito tungkol kay Haring Josias kung paano niya ginawa ang mabuting bagay kahit na nasa murang edad, sa gayon kailangan mong baguhin ang ng iyong nilikha sa iyong isip at simulang magisip batay sa Salita ng Dios na nasa Bibliya, nang ang iyong mga anak ay masinop at sa ganap na edad, at kailangan mong sanayin sila, turuan sila at disiplinahin sila sa kanilang buhay sa kabanalan at sa takot sa Dios, at yaon ay magiging iyong pangako at ministerio.</u>*

**2.** **Matutunang hanapin ang Dios**: ***"3 Sapagka't sa ikawalong taon ng kaniyang paghahari, samantalang siya'y bata pa, kaniyang pinasimulang hinanap ang Dios ni David na kaniyang magulang: at sa ikalabing dalawang taon ay kaniyang pinasimulang nilinis ang Juda at Jerusalem na inalis ang mga mataas na dako, at ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo." (2 Cronica 34:3)*** Sinimulang hanapin ni Josias ang Dios nang siya ay 16 na taong gulang. **Sa paghahanap sa Dios ay malaman ang Kanyang Salita at ang Kanyang mga alintuntunin at doon mo matutuklasana ang Kanyang kalooban. * Kapag sinimulan mong hanapin ang Diyos at basahin ang Kanyang Salita ikaw ay lumalapit sa Dios at sinimulan mong makita ang mga bagay ng mas mabuti sa paligid mo sa kaliwanagan ng Kanyang Salita at Kanyang kalooban.*

Inaasam ng Dios sa Kanyang bayan na baguhin ang kanilang mga landas at maglingkod sa Kanya lamang. *Kailangan mong hanapin ang Dios at turuan din ang iyong mga anak sa mga landas ng Dios. Kailangan mong ibigin ang Panginoon at kailangan mong hangarin na iyong buong pamilya ay maglingkod sa Kanya lamang. Totoong ang iyong mga anak at ang iyong asawa ay makakagawa ng mabuti sa Panginoon.* Si Haring Josias ay walong taong gulang lamang nang siya nagsimulang maglingkod sa Dios at lumalim hanapin ang Dios nang siya ay 16 na taong gulang at sinimulang gawin ang kalooban ng Dios ***upang linisin ang Juda at Jerusalem mula sa mataas na dako, at mga kakahuyan, at mga larawang inanyuan"*** nang siya ay dalawampung taong gulang. *Ang iyong mga anak ay hindi na masyadong bata upang magkaroon ng kaugnayan sa Dios; sila'y nasa tamang edad na upang sanayin na mabuhay para sa Dios, upang gawin ang gawain ng Dios at magsimulang maglingkod sa Panginoon sa kanilang batang edad at umunlad sa pagsulong na gawin ang Kanyang kalooban.*

**3.** **Mithiin upang makagawa ng kaibahan**: ***"2At siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, at lumakad ng mga lakad ni David na kaniyang magulang, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa." (2 Cronica 34:2)*** Ang ama ni Josias at ang lolo ay masasamang mga hari, si Manasse at Amon, at siguradong siya ay napapaligiran ng mga tao na sumusunod sa maling gawain ng mga naunang naghari. Ngunit siya ay nagdesisyong sumunod sa tamang hakbang ng kanyang amang si David na sumunod sa Dios. ** Tinawag ka ng Dios at hindi ka nagiisa. Kung hindi ka liliko sa kanan o kaliwa at maglilingkod sa ibang mga diyos, ang Panginoong Dios ay laging sumasaiyo; papalakasin ka Niya at aalalayan ka Niya hanggat ang Kanyang gawa ay matapos.*

*Hindi kaduda duda, saan ka man naroroon mayroon kang posisyon at kapangyarihan kay Critso at dapat mong gamitin yaon para sa kaluwalhatian ng Dios sa paggawa ng tama at kinakailangan.*

**4.** **Paglilinis ng iyong pamumuhay at maling estilo ng buhay sa simbahan ng Dios**: ***"3 Sapagka't sa ikawalong taon ng kaniyang paghahari, samantalang siya'y bata pa, kaniyang pinasimulang hinanap ang Dios ni David na kaniyang magulang: at sa ikalabing dalawang taon ay kaniyang pinasimulang nilinis ang Juda at Jerusalem na inalis ang mga mataas na dako, at ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo.4 At kanilang ibinagsak ang mga dambana ng mga Baal sa kaniyang harapan; at ang mga larawang araw na nasa ibabaw nila, ay kaniyang ibinagsak; at ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo, ay kaniyang pinagputolputol, at dinurog, at isinabog sa mga libingan ng nangaghain sa kanila. 5 At sinunog niya ang mga buto ng mga saserdote sa kanilang mga dambana, at nilinis ang Juda at ang Jerusalem. 6 At gayon ang ginawa niya sa mga bayan ng Manases at Ephraim at Simeon, hanggang sa Nephtali, sa kanilang mga guho sa palibot. 7 At kaniyang ibinagsak ang mga dambana at pinukpok ang mga Asera at ang mga larawang inanyuan ay dinurog, at pinagputolputol ang lahat na larawang araw sa buong lupain ng Israel, at nagbalik sa Jerusalem." (2 Cronica 34:3-7)*** Si Haring Josias ay nilinis ang Juda at Jerusalem mula sa sumusunod: ***"sa ikalabing dalawang taon ay kaniyang pinasimulang nilinis ang Juda at Jerusalem na inalis ang mga mataas na dako, at ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo."***

***Mataas na dako:*** Ang mga mataas na dako: ang mga lugar ng pagsamba ay hindi sa templo ng Dios sa Jerusalem kung saan ang mga tao ay pumupunta at sumasamba. Sa mataas na dako ng pagsamba ng mga tao ay ginagawa ang gusto nilang gawin dahil ang mga pari sa mataas na dako ay sumasangayon sa kanila upang paluguran lamang sila at makuha ang kanilang tulong. *Huwag gawin ang iyong kagustuhan kundi magpasailalim sa kalooban ng Dios.*

***mga kakahuyan:*** Ang mga hardin na nasa paligid ng lugar upang pagandahin ang lugar upang makaakit sa mga tao upang pumunta sa kanila. *Huwag gumawa ng karagdagang mga bagay, bagkus gamitin ang Salita ng Dios upang akitin ang mga tao upang pumunta sa Dios at pumunta upang sambahin ang Dios.*

***at ang mga larawang inanyuan at ang mga larawang binubo:*** Ang mga dios-diosan alinman sa hugis ng tao o hayop o anumang nilikhang bagay, anyo, o tiyak na kasalanan na pagkaganid, pagmamahal sa salapi, immoralidad, kultura at tradisyon na mga nakasanayan, atibp.

Habang ikaw ay lumalalim sa Salita ng Dios, mapapapagtanto mo na may mga bagay at kasanayan na nagawa mo o sinusunod kung saan wala sa Bibliya katulad ng paglalagay ng Christmas tree, paniniwala kay Santa Claus, pagkilala sa Araw ng mga Puso at pagdaraos gaya ng araw ng ina, araw ng ama, salo salo ng araw ng kapanganakan, Pasko, Bagong Taon, kapistahan ng pagkain, panliligaw, pagsasama, labis labis na paggamit ng media, gadgets,etc. ** Ang ganitong mga kasanayan , kung saan kaugnay sa makamundong hilig at paganism ay kailangan mong talikuran kung ikaw ay desididong unahin ang Dios sa iyong buhay.* Kapag tayo ay nagbabasa ng Bibliya at may mga bagay o mga paraan at mga kasanayan na binibigyang diin at inuutos ng Salita ng Dios sa atin na gawin, ang ganoong mga bagay ay kailangan nating gawin at pagsasanay gaya ng pagsunod sa Sabbath ng palagiang pagpunta sa simbahan para sumamba, maglingkod sa Dios sa pag abot sa bagong mga tao, palaging pagbibigay ng ikapu, unang mga bunga, at sinunog na mga handog, sa halip ng paglalaan sa handaan sa araw ng kapanganakan, pagbili ng Christmas tree, mga dekorasyon, gadgets, at mga regalo na mga dios-diosan na sa tahanan at sa mga makamundong tao. Ating parangalan ang Dios at unahin ang Dios sa ating buhay sa paglilinis sa ating pamumuhay, sa ating pamilya, at sa Kanyang simbahan, at pagsunod sa kung anong kinakailangan ng Dios sa atin upang gawin sa Kanyang Salita.

***"6 At gayon ang ginawa niya sa mga bayan ng Manases at Ephraim at Simeon, hanggang sa Nephtali, sa kanilang mga guho sa palibot." (2 Cronica 34:6)*** Si Haring Josias ay pinalawig ang kanyang kampanya sa iba mga lugar sa Manases, at Ephraim, at Simeon, kahit sa Naptali. Sa parehong paraan kailangan nating palawigin ang paglilinis sa kahit sinomang taong maabot natin o sa saang mang lugar na kayang nating palawigin.

Karagdagang mga bagay na ating matutunan mula kay Haring Josias sa paraan ng kanyang paglilinis at pagtanggal sa lupain ng pagsamba mula sa diosdiosan.

***"4 At kanilang ibinagsak ang mga dambana ng mga Baal sa kaniyang harapan; at ang mga larawang araw na nasa ibabaw nila, ay kaniyang ibinagsak; at ang mga Asera, at ang mga larawang inanyuan, at ang mga larawang binubo, ay kaniyang pinagputolputol, at dinurog, at isinabog sa mga libingan ng nangaghain sa kanila." (2 Cronica 34:4)*** Ang paglilinis ay nagawa sa harapan ng kanyang mga mata. Siya ay kasama ng mga manggagawa at pinangasiwaan niya ang mga nangyayari, sinabi nito, ***ibagsak ang mga dambana ng mga Baal sa kaniyang harapan;*** ibig sabihin ginawa nila sa harapan ng kanyang mga mata upang tiyaking ito ay nagawang maayos at ganap. Sa parehong paraan kailangan nating makasiguro na alisin natin ang lahat ng mga diosdiosan at tanggalin ang mga ito mula sa mga ugat, gaya ng pagaalis ng mga mobiles at Internet access mula sa pag abot sa mga kamay ng ating kabataan at mga anak. Pangasiwaang linisin ang mga laptop mula sa mga laro, mga video, atibp.

Sinabi rin, k***anyang ibinagsak; at......, kanyang pinagputol putol, Ito'y*** nangangahulugang ginawa niya ito sa kanyang sariling mga kamay. Kailangan nating magpatuloy na gawin ang ganoong gawain ng paglilinis sa simbahan sa ating sariling mga kamay.

Sinabi dito, ***at dinurog, at isinabog sa mga libingan ng nangaghain sa kanila.*** Masigasig niyang tinugunan ang ginawang mali ng mga taong gumawa nito. Sa mga gumawa ng mali nararapat sa kanila na ang mali ay maiugnay sa kanila at tanggapin ang kahihiyan at ang kinahinatnan ng kanilang ginawa.

***"5 At sinunog niya ang mga buto ng mga saserdote sa kanilang mga dambana, at nilinis ang Juda at ang Jerusalem." (2 Cronica 34:5)*** Sinunog ni Haring Josias ang mga buto ng masasamang pari na nagturo at naghikayat sa mga taong sumamba sa mga diosdiosan. Iniugnay niya sila sa kasalanan ng pagsamba sa diosdiosan

na kanilang itinaguyod sa mga tao upang gawin., at dinala ang kahihiyan at kadustahan sa kanila. *Ang pagsunog sa Bibilya ay sinalita sa masama, sa gayon ipinagbabawal gamitin ang pagsunog bilang isang paraan sa paglilibing sa mga matutuwid na bayan ng Dios.*

***"6 At gayon ang ginawa niya sa mga bayan ng Manases at Ephraim at Simeon, hanggang sa Nephtali, sa kanilang mga guho sa palibot. 7 At kaniyang ibinagsak ang mga dambana at pinukpok ang mga Asera at ang mga larawang inanyuan ay dinurog, at pinagputolputol ang lahat na larawang araw sa buong lupain ng Israel, at nagbalik sa Jerusalem." (2 Cronica 34:6-7)*** Si Haring Josias ay bumalik sa kanyang tahanan pagkatapos niyang matapos ang lahat ng gawain sa paligid. Gumamit siiya ng mga tao at siya ay kasama nila sa panahon ng proseso ng paglilinis. *Kailangan nating maging masigasig na makasama ang mga manggagawa, gawin at pagsaksi sa proseso ng paglilinis upang matapos sa maayos at ganap na paraan upang tayo ay maging mapayapa at makakabalik sa ating lugar upang magpahinga.*

**5. Pasiglahin at ayusin ang templo ng Dios:** ***"8 Sa ikalabing walong taon nga ng kaniyang paghahari, nang kaniyang malinis ang lupain, at ang bahay, ay kaniyang sinugo si Saphan na anak ni Asalias, at si Maasias na tagapamahala ng bayan, at si Joah na anak ni Joachaz na kasangguni, upang husayin ang bahay ng Panginoon niyang Dios." (2 Cronica 34:8)*** Nang siya ay 26 na taong gulang, dinalisay niya ang templo ng Dios at sinimulang ayusin ang mga bagay doon. *Tayo ang ating sarili ay templo ng Dios kung saan ang Banal na Espiritu ay nanatili sa atin. Kailangan nating panatilihing malinis ang ating katawan, ang ating puso, at puso na dalisay upang maging epektibo sa ating ministerio o sa kongregasyong na kabahagi tayo. Tayo ay tinawag upang linisin ang isa't isa sa katawan ni Cristo,* ***"19 Kaya nga sundin ang mga bagay na makapapayapa, at ang mga bagay na makapagpapatibay sa isa't isa." (Roma 14:19)***

**6. Ipagpatuloy ang trabaho sa ministerio ng Panginoon:** ***"8 Sa ikalabing walong taon nga ng kaniyang paghahari, nang kaniyang malinis ang lupain, at ang bahay, ay kaniyang sinugo si Saphan na anak ni Asalias, at si Maasias na tagapamahala ng bayan, at si Joah na anak ni Joachaz na kasangguni, upang husayin ang bahay ng Panginoon niyang Dios."(2 Cronica 34:8 KJV)*** Si Josias noong siya ay 26 na taong gulang ay ipinadala niya ang mga tao upang ayusin ang templo ng Panginoon upang para sa pagdaraos na pasimulan at magpatuloy. ** May mga bagay na kailangan nating ayusin at panumbalikin upang ang katotohanan ng ministerio ng Panginoong JesuCristo ay magpatuloy sa Kanyang simbahan.* Bawat manggagawa ay dapat magtiyaga para sa ministerio upang magpatuloy sa pamamagitan ng pagabot sa bagong mga tao para kay Cristo at magsimula ng bagong pagaaral ng Bibliya.*

**7. Magambag sa pananalapi upang suportahan ang gawain ng Dios:** ***"9 At sila'y nagsiparoon kay Hilcias na dakilang saserdote at ibinigay ang salapi na napasok sa bahay ng Dios, na nakuha ng mga Levita, na mga tagatanod-pinto, sa kamay ng Manases at ng Ephraim, at sa lahat ng nalabi sa Israel, at sa buong Juda, at Benjamin, at sa mga taga Jerusalem." (2 Cronica 34:9)*** Ang pananalapi ay kinakailangan upang suportahan at ipatuloy ang gawain ng Dios. ***"11 Sa makatuwid baga'y sa mga anluwagi at sa mga nagtatayo ibinigay nila, upang ibili ng mga batong tinabas, at ng mga kahoy na panghalang, at upang ipaggawa ng mga sikang sa mga bahay na giniba ng mga hari, sa Juda." (2 Cronica 34:11)*** Ang bayan ng Dios ay nagbigay sa gawain ng Dios. *Kahit sa ngayon, kailangan nating magbigay ng tapat sa ating pagiikapu, sa ating mga handog at sa ating mga unang bunga upang suportahan ang gawain ng Dios.*

**8. Maglingkod sa Dios kasama ng mga tao matapat:** ***"10 At kanilang ibinigay sa kamay ng mga manggagawa na siyang namamahala sa bahay ng Panginoon; at ibinigay ng mga manggagawa ng bahay ng Panginoon upang husayin at pagtibayin ang bahay;" (2 Cronica 34:10 KJV)*** *Sa paggawa ng gawain ng Dios tayo ay tinawag upang pumili na gumawa kasama ng tapat at matapat na mga tao na iniibig ang Dios at namumuhay sa isang banal na buhay, at ginagawa ang kanilang makakaya upang maglingkod sa Dios at ganapin ang gawain.* ***"12 At ginawa ng mga lalake na may pagtatapat ang gawain: at ang mga tagapamahala ng mga yaon ay si Jahath at si Abdias, na mga Levita, sa mga anak ni Merari; at si Zacharias at si Mesullam, sa mga anak ng mga Coathita, upang ipagpatuloy: at ang iba sa mga Levita, lahat na bihasa sa mga panugtog ng tugtugin. 13 Nasa mga tagadala ng mga pasan naman sila, at pinamamahalaan ang lahat na nagsisigawa ng gawain sa***

***sarisaring paglilingkod: at sa mga Levita ay may mga kalihim, at mga pinuno, at mga tagatanod-pinto." (2 Cronica 34:12-13 KJV)***

Si Haring Josias ay tapat sa paghahanap at paggawa sa kalooban ng Dios at ginantimpalaan siya ng Dios sa pagbibigay sa kanya ng Kanyang sinulat na Salita. Nang ginawan ni Haring Josia ang lahat ng yaon at sa punto na dinala niya ang salapi upang magamit para sa tahanan ng Dios, ang Panginoon ay ginantimpalaan siya sa pagbibigay sa kanya ng Kanyang Salita: ***"14 At nang kanilang ilalabas ang salapi na napasok sa bahay ng PANGINOON, nasumpungan ni Hilcias na saserdote ang aklat ng kautusan ng PANGINOON na ibinigay sa pamamagitan ni Moises. 15 At si Hilcias ay sumagot, at sinabi niya kay Saphan na kalihim: Aking nasumpungan ang aklat ng kautusan sa bahay ng Panginoon, At ibinigay ni Hilcias ang aklat kay Saphan. 16 At dinala ni Saphan ang aklat sa hari, at bukod dito'y nagdala ng salita sa hari, na sinasabi, Lahat na ipinamahala sa iyong mga lingkod, ay kanilang ginagawa. 17 At kanilang ibinubo ang salapi na nasumpungan sa bahay ng Panginoon, at ibinigay sa kamay ng mga tagapamahala, at sa kamay ng mga manggagawa. 18 At sinaysay ni Saphan na kalihim sa hari, na sinasabi, Si Hilcias na saserdote ay nagbigay sa akin ng isang aklat. At binasa ni Saphan sa harap ng hari." (2 Cronica 34:14-18 KJV)*** Inilagay ng Dios sa kamay ni Haring Josias ang Aklat ng Kautusan. *Sa parehong pangyayari, ngayon habang ating nasusumpungan ang Diyos at handang gawin ang Kanyang kalooban at paglingkuran Siya at tumulong sa Kanyang tahanan, ang Panginoon ay inilagay ang Bibilya sa ating mga kamay upang basahin ito, pagnilayan ito, at ilapat sa ating buhay ang alintuntunin ng Dios.*

***nasumpungan ni Hilcias na saserdote ang aklat ng kautusan ng PANGINOON***: Maari mong sabihin, Paanong nangyari? Ang templo ng walang Bibliya? Maraming simbahan ngayon ay kinaugalian ang kanilang pagtuturo at ang Bibilya ay ginagamit upang tukuyin sa huwaran ng mundong ito at hindi upang ipagbawal o umalis mula sa huwaran ng mundong ito. Ginagamit nila ang Bibilya upang kumuha ng mga bersekulo upang pahintulutan ang kanilang dios diosan na sinasamba at maling mga kasanayan.

Sa pagbibigay sa Aklat ng Kautusan, si Haring Josias ay hindi lamang itinago ito, gaya ng ginagawa ng maraming tao ngayon, bagkus hinayaan niya si Shapna na basahin sa kanya.

Tayo ngayon ay matuto pa mula sa ginawa ni Haring Josias pagkatapos na marinig kung anong nakasulat sa Aklat ng Kautusan: Ating basahin, pagnilayan at sundin ang Salita ng Dios sa Bibilya at magpatuloy upang gawin ang sumusunod:

***A. Pagsisisi: "19 At nangyari, nang marinig ng hari ang mga salita ng kautusan, na kaniyang hinapak ang kaniyang suot." (2 Cronica 34:19)*** Si Josias ay isang hari ngunit hinapak niya ang kanyang makaharing kasuotan bilang tanda ng kanyang pagsisisi. *Habang ikaw ay nagbabasa ng Bibilya at nakita mong malinaw ang iyong sarili na nagkakakasala laban sa Dios at paglabag sa batas ng Dios sa gayon dapat kang magsisi.*

***B. Lumapit at maghanap sa Pagaaral ng Bibilya: " 20 At ang hari ay nagutos kay Hilcias, at kay Ahicham na anak ni Saphan, at kay Abdon na anak ni Micha, at kay Saphan na kalihim, at kay Asaia na lingkod ng hari, na kaniyang sinasabi, 21 Kayo'y magsiyaon, isangguni ninyo ako sa Panginoon, at silang naiwan sa Israel, at sa Juda, tungkol sa mga salita ng aklat na nasumpungan: sapagka't malaki ang pagiinit ng Panginoon na nabugso sa atin, sapagka't hindi iningatan ng ating mga magulang ang salita ng Panginoon, upang gawin ayon sa lahat na nasusulat sa aklat na ito.22 Sa gayo'y si Hilcias at silang pinagutusan ng hari, nagsiparoon kay Hulda na propetisa, na asawa ni Sallum na anak ni Tikoath, na anak ni Hasra, na tagapagingat ng silid ng kasuutan; (siya nga'y tumahan sa Jerusalem sa ikalawang pook;) at kanilang sinabi sa kanila sa gayong paraan. 23 At sinabi niya sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel: Saysayin ninyo sa lalake na nagsugo sa inyo sa akin. 24 Ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y magdadala ng kasamaan sa dakong ito, at sa mga tagarito, sa makatuwid baga'y lahat ng sumpa na nangakasulat sa aklat na kanilang nabasa sa harap ng hari sa Juda: 25 Sapagka't kanilang pinabayaan ako, at nagsunog ng kamangyan sa ibang mga dios, upang mungkahiin nila ako sa galit ng lahat na gawa ng kanilang mga kamay; kaya't ang aking pagiinit ay nabugso sa dakong ito, at hindi mapapawi." (2 Cronica 34:20-25)*** Si Haring Josias ay nagpadala para sa kalinawan ng kautusan ng Dios at pagpapatotoo ng Mensahe ng Dios. Ipinadala niya si Hichias para sa isang

pagaaral ng Bibilya upang ipaliwanag sa kanya ng mas malinaw. *_*Dapat kang maging kagaya ni Josias na nagtanong sa Panginoon tungkol sa kung anong nakasulat sa Aklat ng Kautusan. * Hindi ka dapat maghintay upang imbitahin sa pagaaral ng Bibliya bagkus kailangang hangarin mong pumunta para sa personal na pag-aaral sa Bibliya upang maturuan namin kayo at patunayan sa iyo ang kalooban ng Dios at ano ang nais ng Dios sayo na gawin sa tiyak na sitwasyon ng iyong buhay. *Habang ikaw ay nagpasyang unahin ang Dios sa pagawa ng desisyon, siguradong ibibigay sayo ang Kanyang malinaw na tagubilin sa pamamagitan ng pagaaral ng Bibilya at ang payo ng pagpupulong na gagawin namin sa iyo._*

***C. Maging mapagpakumbaba at may pusong tumutugon:* "26 Nguni't sa hari sa Juda, na nagsugo sa inyo upang magusisa sa Panginoon, ganito ang sasabihin ninyo sa kaniya, Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel: Tungkol sa mga salita na iyong narinig, 27 Sapagka't ang iyong puso ay malumanay, at ikaw ay nagpakababa sa harap ng Dios ng iyong marinig ang kaniyang mga salita laban sa dakong ito, at laban sa mga tagarito; at ikaw ay nagpakababa sa harap ko, at hinapak mo ang iyong suot, at umiyak sa harap ko; dininig naman kita, sabi ng Panginoon. 28 Narito, ipipisan kita sa iyong mga magulang, at ikaw ay mapipisan na payapa sa iyong libingan, at hindi makikita ng iyong mga mata ang lahat na kasamaan na aking dadalhin sa dakong ito, at sa mga tagarito. At sila'y nagbalik ng salita sa hari." (2 Cronica 34:26-28)*** Si Haring Josias ay may mapagtugong puso; nang kanyang narinig ang mensahe ng Salita ng Diyos ipinakumbaba niya ang kanyang sarili at kanyang napagtanto ang maling ginawa ng mga tao laban sa Dios. Isipin mo, ang Bibilya ay nawala at wala silang alam dito. Si Haring Josias nang kanyang narinig na kanilang natagpuan ang Aklat ng Kautusan at narinig kung ano ang binasa mula doon kanyang napagtanto ang malaking kasalanan ng ginawa ng mga tao laban sa Dios at ang malaking bunga ng kanilang mga kasalanan. Bilang resulta niyon, dumamting sa kanya ang takot sa Dios at hinapak niya ang kanyang suot, at dahil sa kanyang pusong mapagtugon pinangakuan siya ng Dios na ililigtas siya sa mga kaguluhan.

*_Mayroon ka bang pusong mapagtugon, at kayang makita ang kasalanan ng kung paanong makita ng Dios?_*
*_Ang iyong bang puso ay nagsisisi sa harap ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat kapag ang katotohanan ay nahayag sa iyo? Magpapakumbaba ka ba ngayon at tunay na magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan habang ang Banal na Espiritu ay nagsasalita sayo at nagmiministerio sa iyong puso at talikuran ang kasalanan patungo sa Dios?_*

*_Ang iyong pagtugon ay tunay na makakagawa ng isang kaibahan; ang Dios ay naghihintay sa iyo at inilalagay ka sa isang pagsubok upang makita ang iyong pagtugon ; ang Dios ay naghihintay sa iyong pusong mapagtugon upang Siya ay magkaroon ng awa sa iyo._*

Ito ay mahalaga na ating matutunan upang bumuo ng isang puso na tumutugon sa mensahe ng Dios na ating natanggap alinsunod sa ating paggalang at takot sa Panginoon. Tayo ay maging matino at tumugon kaagad, at mapagkumbabang tanggapin ang katotohanan ng Dios at ang kanais nais na kabutihan. ***"4 O hinahamak mo ang mga kayamanan ng kaniyang kabutihan at pagtitiis at pagpapahinuhod, na hindi mo nalalaman na ang kabutihan ng Dios ay siyang umaakay sa iyo sa pagsisisi?" (Roma 2:4)***

***D. Hikayatin ang iba sa ating kongregasyon:* "29 Nang magkagayo'y nagsugo ang hari at pinisan ang lahat na matanda sa Juda at sa Jerusalem. 30 At sumampa ang hari sa bahay ng Panginoon, at ang lahat na lalake ng Juda, at ang mga taga Jerusalem, at ang mga saserdote, at ang mga Levita, at ang buong bayan, malaki at gayon din ang maliit: at kaniyang binasa sa kanilang mga pakinig ang lahat na salita ng aklat ng tipan na nasumpungan sa bahay ng PANGINOON." (2 Cronica 34:29-30)*** Ang hari mismo ay nagpadala at tinipon ang mga tao at binasa ang Aklat ng Kautusan at ang Tipan sa mga tao. *_Ating matutunan mula doon na habang ang Salita ng Dios ay nahayag sa atin, sa gayon dapat nating hikayatin at turuan ang iba sa ating kongregasyon. Dapat nating tulungan upang ibahagi ang mensahe ng Dios at palakasin ang loob ng mga tao upang laging ilapat ang simulain ng Bibliya sa pang araw araw na buhay._*

***E. Magpanibago ng iyong tipan at pangako sa Panginoon:* "31At ang hari ay tumayo sa kaniyang dako, at nakipagtipan sa harap ng Panginoon, upang lumakad ng ayon sa Panginoon, at upang ingatan ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang mga patotoo, at ang kaniyang mga palatuntunan, ng buong puso niya, at ng buong***

***kaluluwa niya, upang tuparin ang mga salita ng tipan na nasusulat sa aklat na ito." (2 Cronica 34:31)*** Ang ating tipan at pangako sa Dios ay dapat maging isang sukdulan at laban sa lahat ng anyo ng pagsamba sa diosdiosan kabilang ang pamantayang pangkultura at mga tradisyon na salungat sa Salita ng Dios na nasa Bibliya. *Ngayon alisin lahat ang mga diosdiosan palabas sa iyong buhay at baguhin ang iyong tipan sa Diyos at simulang maglingkod sa Panginoon ng buong puso sa lahat ng panahon ng iyong buhay gaya ng ginawa ni Haring Josias.* ***"33 At inalis ni Josias ang lahat na karumaldumal sa lahat ng lupain na ukol sa mga anak ni Israel, at pinapaglingkod ang lahat na nangasumpungan sa Israel, upang mangaglingkod nga sa Panginoon nilang Dios. Lahat ng mga kaarawan niya ay hindi sila nagsihiwalay sa pagsunod sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang." (2 Cronica 34:33)***

***F. Udyukan ang iba upang makipagtipan sa Diyos at simulang maglingkod sa Kanya: "32 At kaniyang pinapanayo sa tipan ang lahat na nasumpungan sa Jerusalem at Benjamin. At ginawa ng mga taga Jerusalem ang ayon sa tipan ng Dios ng kanilang mga magulang." (2 Cronica 34:32)*** *Ating akayin ang iba sa ating simbahan at sa kongregasyong upang panibaguhin ang kanilang pangako sa Dios upang maglinkod sa Kanya lamang. Ating hikayatin sila na ilagay ang Batas ng Dios ang Salita ng katotohanan bilang unang prioridad sa paglilingkod sa Dios.*

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ating bigyan ng kahalagahan sa nakasulat na Salita ng Dios. Tayo ay gumawa ng isang pangako sa araw araw upang pagnilayan ang Kautusan ng Dios at laging isaalang alang ang mga paraan ng Dios sa bawat desisyon na ating gagawin. Sa ganitong paraan makakaya nating panatilihin ang ating paa na laging nasa tamang daan na nais ng Diyos na ating lakaran. Tayo ay manalangin, O Panginoon, ***"18 Idilat mo ang aking mga mata, upang ako'y makakita ng kagilagilalas na mga bagay sa iyong kautusan" (Awit 119:18)*** Ito ay kahanga hangang panalangin na kailangan nating ipanalangin araw araw upang habang ating binubuksan ang ating Bibilya at basahin ang Salita ng Dios, ang Panginoon ay imumulat ang ating mga mata at isip at malalaman natin at makikita ang kamangha manghang mga bagay sa pananaw ng Dios. Kapag iminulat ng Dios ang ating mga mata, makikita natin ang ating kasalanan na malinaw at yaon ang mangunguna sa atin upang magsisisi ng malalim. Ating talikdan ang kamunduhan at katiwalian at itapon ang lahat ng mga dios-diosan sa gayon ating italaga ang ating sarili at ilagay ang Dios bilang pagiging una sa buhay.

***Ang aking panalangin***: *Amang Dios ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na ipinakita sa akin ng malinaw na kailangan kong unahin ang iyong Salita sa aking buhay sa pagbabasa, pagninilay at pagsunod sa iyong Salita.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga iyon. Panginoon aking ipinagtatapat at tinatalikdan ang sumusunod na mga kasalanan. Panginoon aking ipinagtatapat at tinatalikdan ang sumusunod na maling mga simulain at maling mga priyoridad na nagmula sa kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Diyos. Talikdan ang lahat ng kamunduhan, makamundong kapistahan at mga pagdiriwang at lahat ng mga tradisyonal na mga kasanayan na nasa wala sa Bibliya at yaon ay kinuha ka mula sa Salita ng Dios.*

*Panginoon aking ipinangako ang aking sarili sa mga alintuntunin na aking nalinang mula sa mensaheng ito. Panginoon aking ipinangako ang aking sarili upang magbasa araw araw ng aking Bibliya at pagkasunod sunod at sa mabuting bilang. Aking ipinangako ang aking sarili upang pagnilayan at sundin kung anong nakasulat sa Salita ng Dios. Aking ipinangako ang aking sarili upang magsimulang hanapin ka at magkaroon ng puso mapagtugon at magsisi sa aking mga kasalanan kapag ang iyong Salita at ang iyong kalooban ay ipinahayag sa akin. Panginoon aking ipinangako ang aking sarili upang ibahagi ang aking natutunan sa iba na malayo sayo upang dalhin sa kanila ang mabuting balita ni Jesus. Panginoon tulungan ako upang magpatuloy sa makipot na daan,*
*Panginoon protektahan mo ako mula sa gawa ng masasama at ibigay ang lahat ng aking mga kailangan. Panginoon bigyan mo ako ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kababaang loob, pagpipigil sa sarili, kahinuhuran, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya, katapatan upang magpatuloy at maglingkod sayo sa isang mabuting paraang sumasalamin sa katangian mo Jesus sa aking buhay*

*upang ang iba ay makita habang aking tinutulungan sila sa kanilang mga kaguluhan na kailangan ang mga kamay, pagsisikap at mga panalangin.*

*Panginoon, ako'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban at pagsasalapat ng iyong Salita ng ganap sa aming buhay. Panginoon puspusin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at bigyang daan kami upang makapag ebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting balita no JesuCristo at ng Salita ng Dios.*

*Panginoon, kami'y nananalangin na bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at upang abutin ang bagong mga tao at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.